Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeMs)

# FILIPINO 9 (Ikaapat na Markahan-USLeMs:4)

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Mark Ryan V. Canimo |
| **Tagaguhit:** | Paolo N. Tardecilla |
| **Tagalapat:** | Maru U. Panganiban |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Adelwisa P. Mendoza |
| **Tagasuri ng Wika:** | Galcoso C. Alburo |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Elisa O. Cerveza, CID Chief SDO-Marikina City<br>Dr. Gloria G. Tamayo, EPS in Filipino-NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Galcoso C. Alburo, EPS in Filipino SDO-Marikina City<br>Ivy Coney A. Gamatero, LR EPS SDO-Marikina City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Menere R. Nasiad, PDO SDO-Marikina City<br>Catherine C. Paningbatan, Librarian SDO-Marikina City |

(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## Inaasahan

Sa pag-aaral ng USLeM na ito, inaasahang maisagawa mo ang sumusunod:

A. Naibabahagi ang sariling damdamin sa tinalakay na mga pangyayaring naganap sa buhay ng tauhan;
B. Nailalahad ang sariling pananaw sa kapangyarihan ng pag-ibig sa magulang, sa kasintahan, sa kapuwa at sa bayan; at
C. Napapangkat ang mga salita ayon sa pormalidad ng gamit nito

## Unang Pagsubok

Bago ka mag-umpisa ng aralin, isagawa ang mga gawain upang masukat ang iyong kaalaman.

A. Lagyan ng tsek (√) ang patlang ng pahayag na naglalahad ng sariling damdamin at opinyon.

______1. Sa anim na taon na pagsasama ng dalawa ay hindi sila biniyayaan ng anak.
______2. Mas makabubuti kung ipinaglaban na lamang ni Maria Clara ang kanilang pagmamahalan kaysa sundin ang kagustuhan ng kaniyang mga magulang.
______3. Nakalulungkot isiping pinandidirihan ng mga tao ang kaniyang kapuwang may malubhang sakit.
______4. Pumunta si Crisostomo sa bahay ni Kapitan Tiyago upang dalawin ang may sakit na si Maria Clara.
______5. Hindi matatawaran ang pag-aalagang inilaan ni Tiya Isabel sa pamangking si Maria Clara.

B. WORD HUNT: Hanapin sa loob ng kahon ang mga salitang pormal at di-pormal na maaaring gamitin sa pakikipagtalastasan. Isulat ito sa angkop na kolum ng talahanayan.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| F | K | I | L | P |
| P | A | R | A | K |
| I | P | N | P | O |
| A | A | K | U | O |
| U | T | O | L | T |
| N | I | O | I | A |
| A | D | N | S | A |
| E | R | M | A | T |

| PORMAL | DI - PORMAL |
|---|---|
| | |

## Balik-Tanaw

Bago ka magpatuloy, balik-aralan mo ang mga kasanayang natutuhan mo na. Gawin ang sumusunod:

A. Ilarawan ang sumusunod na mga tauhan sa nobelang Noli Me Tangere.

| Mga Tauhan | PAGLALARAWAN |
|---|---|
| Crisostomo Ibarra | |
| Maria Clara | |
| Kapitan Tiyago | |
| Padre Damaso | |
| Elias | |

## Pagpapakilala ng Aralin

Ang mga akda o nobela tulad ng Noli Me Tangere at tumatalakay sa pangyayari noong panahon ng pananakop ng mga Kastila at maaaring umiiral pa rin sa kasalukuyang panahon. Hindi maiiwasang makapagbibigay tayo ng ating sariling damdamin o pananaw tungkol sa mga isyung nakapaloob dito.

Dahil sa malaking bahagi ng ating pakikipagtalastasan ang pagbibigay ng ating pananaw, narito ang ilang mga pahayag na maaari nating gamitin sa pagbibigay nito:

- Kung ako ang tatanungin
- Sa palagay ko
- Sa paniniwala ko
- Marahil ay
- Sa tingin ko ay
- Para sa akin
- Mahusay ang sinasabi mo, ako man ay
- Ang masasabi ko ay
- Ang pagkakaalam ko ay

Narito naman ang mga dapat isaalang-alang sa pagbibigay ng pananaw:

- Ilahad ang pananaw nang maayos at malumanay kahit hindi pa sinasang-ayunan ang pananaw ng iba.
- Ipakita ang interes at paggalang sa iba pang pananaw.
- Makabubuti ang pag-alam, pagbabasa tungkol sa paksa bago magbigay ng pananaw.
- Gumamit ng mga pahayag na payak upang madaling maintindihan.

Kung sakaling nasa pormal na okasyon, mas makabubuting gumamit ng mga pormal na salita. Makatutulong ang pagpapangkat ng mga salita ayon sa gamit o pormalidad ng gamit nito (*level of formality*). May mga salitang ginagamit sa mga pormal, di-pormal at neutral na kalagayan.

| Pormal | Di-pormal | Neutral |
|---|---|---|
| Ama<br>Katoto | Erpat<br>Utol | Magulang<br>kaibigan |

# Gawain

A. Basahin ang buod ng ilang piling kabanata na nagpapakita ng mahahalagang pangyayari sa buhay ni Maria Clara.

**Ang Mahahalagang Pangyayari sa Buhay ni Maria Clara**

Sa araling ito ay makikilala mo si Maria Clara ng nobelang Noli Me Tangere. Inilalarawan bilang mapagmahal na kasintahan at anak at taglay ang mabining pagkilos. Makikitaan man ng kahinaan sa pag-ibig at pinili ang sariling kasawian, naibigay naman niya ang kasiyahan ng kaniyang magulang.

***Kabanata 6: Si Kapitan Tiyago***

Ang kabuoan ng kabanatang ito ay umiikot sa paglalarawan kay Kapitan Tiyago, kilalang mayaman at impluwensyadong tao. Anak siya ng isang kuripot na mangangalakal sa Malabon kaya't nakapag-aral ng lohika sa tulong ng isang paring Dominiko. Nakilala niya ang magandang dalagang mula sa Sta. Cruz na si Pia Alba. Nagtulong sila sa paghahanapbuhay hanggang maabot ang karangyaan.

Sa anim na taon na pagsasama ng dalawa ay hindi sila biniyayaan ng anak kaya'y pinayuhan sila ni Padre Damaso na pumunta sa Obando. Parang dininig ng langit ang kanilang panalangin nang magdalang-tao si Pia Alba ngunit pumanaw ito matapos manganak. Pinangalanan ang sanggol na Maria Clara upang bigyang karangalan ang pintakasi ng Obando. Naging katuwang ni Kapitan Tiyago ang pinsang si Tiya Isabel sa pagpapalaki kay Maria Clara. Nang magkatorse anyos ang dalaga ay ipinasok siya ni Padre Damaso sa beateryo.

***Kabanata 7: Ang Suyuan sa Asotea***

Aligaga at hindi mapakali si Maria Clara sa paghihintay sa kasintahang si Crisostomo na halos pitong taon na niyang hindi nakikita. Nang dumating ang binata, nagbalik-tanaw ang magkasintahan mula sa kanilang kamusmusan. Inalala rin ni Maria ang mga panahong iginugol sa beateryo habang pag-aaral naman at pakikipagsapalaran ang ibinahagi ni Crisostomo. Ipinaliwanag ng binata sa kasintahan na ang kaniyang paglayo ay higit na mahalagang bagay upang makapag-aral para sa kinabukasan ng bayan. Dali-dali namang namaalam at umuwi ang binata nang maalala ang namayapang mga magulang at makahabol sa nalalapit na undas.

***Kabanata 27: Dapithapon***

Sumama si Crisostomo sa pamamasyal ni Maria Clara kasama ang mga kaibigan. May nakita silang isang ketongin sa plaza. Umaawit ito sa tugtog ng kaniyang gitara. Lahat ay pinandidirihan ang ketongin maliban kay Maria Clara. Naawa ang dalaga dito kaya naman ibinigay niya ang mamahaling agnos ng kaniyang amang si Kapitan Tiyago.

***Kabanata 36: Mga Suliranin***

Nananangis si Maria Clara dahil pinagbawalan na silang magkita at magkausap ni Crisostomo habang hindi pa inaalis ang eskomunyon sa binata dahil sa nangyari kay Padre Damaso. Sa pagbalik ni Kapitan Tiyago mula sa kumbento, sinabi nitong inutusan siya ng pari upang sirain ang kasunduan ng pagpapakasal ng dalawa. Idagdag pa ang paglalaan ng bagong mapapangasawa na kamag-anak ni Padre Damaso na nakatakdang dumating mula Europa.

***Kabanata 44: Ang Pangungumpisal***

Magkahalong lungkot at pag-aalala ang naramdaman ni Padre Damaso nang makita ang kalagayan ng anak na si Maria Clara. Mariin niyang hinawakan ang kamay ng dalaga at binulungan na huwag mamamatay. Pinunasan ng kura ang kaniyang luha na ikinagulat ng lahat ng nakakita sa pangyayari.

***Kabanata 48: Ang Talinhaga***

Pumunta si Crisostomo sa bahay ni Kapitan Tiyago upang dalawin ang may sakit na si Maria Clara at upang ibalita ang pagkakaalis ng kaniyang eskomunyon ngunit biglang nawala ang kaniyang kasiyahan nang makita ang kasintahan na masayang inaayos ang mga bulaklak kasama ng binatang si Linares. Nagulat si Linares at namutla naman si Maria Clara. Sinubukan ng dalaga na tumayo upang makalapit sa binata ngunit hindi pa niya kaya. Nakipag-usap naman si Crisostomo ngunit umalis din kaagad.

***Kabanata 60: Ang Pagpapakasal ni Maria Clara***

Dumating si Linares at ang mag-asawang de Espadaña sa bahay ni Kapitan Tiyago. Nanghihina at namumutla man si Maria Clara ay hinarap niya ang mga ito. Kabilang sa napag-usapan ay ang pagpapakasal ni Linares at Maria Clara.

Habang may pagtitipon sa kanilang tahanan, pumunta si Maria Clara sa azotea. Natanaw niya roon ang si Ibarra at si Elias. Dumaan lamang si Crisostomo upang sabihin sa dalaga ang kaniyang damdamin at palayain ang kasintahan sa kanilang kasunduan. Ipinagtapat ni Maria Clara sa binata na napilitan lamang siyang magpakasal kay Linares at talikuran ang kaniyang tunay na nararamdaman alang-alang sa namayapang ina at sa dalawang amang nabubuhay pa. Tanging si Ibarra lamang ang kaniyang minamahal at hindi si Linares.

B. Iguhit sa patlang ang angkop na *emoticon* sa ibaba na nagpapakita ng iyong damdamin sa mga pangyayaring naganap kay Maria Clara. Isulat ang iyong paliwanag sa loob ng kahon.



________1. Pumanaw si Pia Alba matapos ipanganak si Maria Clara.


________2. Pagkalipas ng pitong taon ay muling nakita at nakausap ni Maria Clara ang kasintahang si Crisostomo.

________3. Habang namamasyal sa plaza si Maria Clara kasama ang mga kaibigan at kasintahan, nakita nila ang isang ketongin na tumutugtog ng gitara. Sa kaniyang pagkahabag sa ketongin, iniabot niya ang pasalubong na mamahaling agnos ng ama.

________4. Nananangis si Maria Clara dahil pinagbawalan silang magkita at magka-usap ng kasintahang si Crisostomo.

________5. Nabunyag ang katotohanang si Padre Damaso ang tunay na ama ni Maria Clara.

C. Punan ang *graphic organizer* ng mga pangyayari sa mga kabanatang binasa na nagpapakita ng kapangyarihan ng pag-ibig sa magulang, kasintahan, kapuwa at sa bayan. Isulat ang iyong sariling pananaw tungkol dito.




D. Pumili ng mga salita mula sa mga binasang buod ng kabanata ng nobela. Pangkatin ang mga ito ayon sa pormalidad *(level of formality).*

| Pormal | Di-pormal | Neutral |
|---|---|---|
| | | |

## Tandaan

Pagpapahayag ng sariling damdamin at pananaw

- Ilahad ang pananaw nang maayos at malumanay kahit hindi pa sinasang-ayunan ang pananaw ng iba.
- Ipakita ang interes at paggalang sa iba pang pananaw.
- Makabubuti ang pag-alam, pagbabasa tungkol sa paksa bago magbigay ng pananaw.
- Gumamit ng mga pahayag na payak upang madaling maintindihan.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

Suriin ang iyong mga natutuhan sa tulong ng sumusunod na gawain:

A. ***TIC-TAC-TOE***: Pumili sa *Choice Board* ng isang gawain upang ibahagi at ilahad ang iyong damdamin at pananaw tungkol sa mga pangyayaring naganap sa karakter ni Maria Clara sa mga kabanata ng Noli Me Tangere.

| | | |
|---|---|---|
| **Vlog**<br>Gumawa ng 2-3 minutong Vlog ng iyong damdamin at pananaw. | **Pagguhit**<br>Gumuhit ng isang larawan na nagpapakita ng iyong damdamin at pananaw. | **Survey**<br>Magsagawa ng survey tungkol sa damdamin at pananaw ng iyong kaklase. |
| **Monologo**<br>Ibidyo ang iyong monologo na naglalahad ng iyong damdamin at pananaw. | **Tula**<br>Sumulat ng tula na may 2 o higit pang saknong tungkol sa iyong damdamin at pananaw. | **Poster**<br>Lumikha ng poster na naglalahad ng iyong damdamin at pananaw. |
| **Awit**<br>Lumikha ng awitin na nagpapahayag ng iyong damdamin at pananaw. | **Sanaysay**<br>Sumulat ng sanaysay na nagpapahayag ng iyong damdamin at pananaw. | **Clay Molding**<br>Maghulma gamit ang clay na isang bagay na sumisimbolo sa iyong damdamin at pananaw. Ipaliwanag. |

***Mamarkahan ang gawain batay sa pamantayan na makikita sa susunod na pahina. 5 puntos ang pinakamataas na marka habang 1 ang pinakamababa.***

| Pamantayan sa Pagmamarka | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| Mahusay na naibabahagi ang sariling damdamin sa tinalakay na mga pangyayaring naganap sa buhay ng tauhan | | | | | |
| Mahusay na nailalahad ang sariling pananaw sa kapangyarihan ng pag-ibig sa magulang, sa kasintahan, sa kapuwa at sa bayan | | | | | |
| Mahusay na nakagagamit ng angkop na salita sa pagbuo ng gawain | | | | | |

## Pangwakas na Pagsusulit

Oras na para sukatin ang iyong natutuhan.

A. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. "Nananangis si Maria Clara dahil pinagbawalan na silang magkita at magkausap ni Crisostomo." Ang salitang may salungguhit ay halimbawa ng salitang ______.
   a. Pormal
   b. Di-pormal
   c. Neutral
   d. Wala
2. Alin sa sumusunod na mga pahayag ang nagbabahagi ng damdamin tungkol sa sinapit ng tauhan?
   a. Nanghihina at namumutla man si Maria Clara ay hinarap niya ang mga ito.
   b. Nakakapanghinayang ang winakasang kasunduan ng magkasintahan.
   c. Pinunasan ng kura ang kaniyang luha na ikinagulat ng lahat ng nakakita sa pangyayari.
   d. Wala sa mga binanggit
3. "Marahil ay tamang piliin ni Maria Clara ang ikaliligaya ng kaniyang mga ama habang sila ay nabubuhay pa." Anong salita sa pangungusap ang naghuhudyat ng pananaw?
   a. Marahil
   b. ikaliligaya
   c. tama
   d. habang
4. Alin sa sumusunod ang pinakawastong pahayag ng pagbibigay opinyon?
   a. Dapat lang magsisi si Padre Damaso dahil sa sinapit ni Maria.
   b. Hindi siya nararapat maging magulang kay Maria Clara.
   c. Sa aking palagay, hindi mawawala sa isang magulang ang isipin ang kabutihan ng anak.
   d. Baka sakaling patawarin siya ng Panginoon kung hahayaan na niya ang magkasintahan.

5. Ang sumusunod ay mga dapat isaalang-alang sa pagbibigay ng opinyon maliban sa _____.

a. Ilahad ang pananaw nang maayos at malumanay kahit hindi pa sinasang-ayunan ang pananaw ng iba.
b. Ipakita ang interes at paggalang sa iba pang pananaw.
c. Makabubuti ang pag-alam, pagbabasa tungkol sa paksa bago magbigay ng pananaw.
d. Ipilit ang sariling pananaw sa nakararami.

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok A:**
1.
2. √
3. √
4.
5. √

**Unang Pagsubok B:**

| **FORMAL** | **DI - FORMAL** |
|---|---|
| Pulis<br>Ina<br>Kapatid | Parak<br>Ermat<br>Utol |

**Pangwakas na Pagsusulit A:**
1. A
2. B
3. A
4. C
5. D

## Sanggunian

file:///C:/Users/LENOVO/OneDrive/Documents/filipino%20files/filipino_9_tg_draft_4.1.2014.pdf

https://www.panitikan.com.ph/kaligirang-pangkasaysayan-ng-noli-me-tangere-buod

https://lrmds.deped.gov.ph/pdf-view/7009

http://clipart-library.com/free/sad-face-emoji-black-and-white.html

https://publicdomainvectors.org/en/free-clipart/Angry-face-image/48944.html